# Ilang Bersiyon ng Isang Paglimot

JULZ E. RIDDLE

Isa lang ang tiyak na naaalala ni Sabrina tungkol sa mahiwagang babae: na minsang sinabi nito, *malilimutan mo ako*.

Habang sinusuklay ang basang buhok ng anak na si Ada isang gabi, napagtanto ni Sabrina na tama nga ang babae. Hindi niya tuluyang nalimot ang mga kuwento tungkol dito, isang maganda at mabait na babaeng nakatira sa bundok malapit sa dati nilang tinitirahan. Lola niya ang nagkuwento ng mga iyon sa kaniya, habang sinusuyod at tinitiris ang mga kutong nagsitira sa mahaba niyang buhok. Naaalala pa rin niya, kahit paminsan-minsan, kahit hindi buo, ang mga kuwentong iyon—ang mahiwagang babae at mga mangangahoy, ang mahiwagang babae at mga luyang nagiging ginto. Pero limot na niya ang sariling kuwento kasama ito, ang kuwento nilang dalawa.

Tuwing tinitingnan niya ang asawa, naiisip niya kung nakalimot na rin ito. Madalas, natatagpuan niya ang sarili na pinagmamasdan ang mga kilos nito, sinusubukang hulaan ang mga iniisip nito. Pero hindi siya magtatanong, hinding-hindi magtatangkang alamin kung alin ang mga naaalala pa ng asawa.

Nagpakaabala siya sa mga gawaing bahay, sa pag-aasikaso kay Ada. Tuwing nararamdaman niya ang pabugso-bugsong pagnanasa para balikan ang kuwento ng mahiwagang babae, nagdidilig siya ng mga halaman. Nagbabasa ng mga komiks sa *Liwayway*, nalilibang ang sarili. Nalilinis ang mga perlas na tanging laman ng kahon niya ng alahas. Natuto siyang makinig nang mabuti sa asawa—sa mga kuwento nito tungkol sa trabaho at politika, sa mga reklamo nito tungkol sa presyo ng koryente't gasolina, hanggang sa mga hinaing nito tungkol sa numinipis at pumuputi nang buhok. Hindi hinahayaan ni Sabrina ang sariling maupo sa isang tabi nang walang ginagawa, nang walang iniisip.

Pero natitiyak niya, may kuwento rin ang asawa tungkol sa babae, kasama ang babae. Natitiyak niya iyon sa tuwing tinatapunan niya ng tingin ang asawa habang ipinagtitimpla ng kape, o habang hinuhubaran ito ng sapatos at medyas

tuwing darating sa bahay, o habang nakikinig sa mahihinang yabag at kalabog na nililikha ng pag-alis nito para pumasok sa trabaho. Ang kuwento ng babae sa bundok, parang mga lugar na hindi nila pinangangahasang marating, mga bahagi ng isa't isa na hindi sinasaling tuwing magkasiping. Gaano man sila paglapitin ng mga kuwentong binubuo nila nang magkasama—kuwento ng pagluwas nila sa Maynila, ng pagkakatanggap ng asawa bilang guro sa isang Catholic school, ng pagbubuntis ni Sabrina, ng pamumunga ng mga kamatis at siling tanim nila—may isang kuwento pa rin na hindi nila pinagsasaluhan. Sa mga darating pang araw hanggang sa mamatay sila, pagsasaluhan nila ang maraming bagay: iisang kama, iisang pinggan, iisang opinyon sa mga balita sa telebisyon, pero hinding-hindi ang kuwento ng babae sa bundok.

Pinakamatindi ang mga sandaling tahimik, tuwing hindi sila nag-uusap o nagniniig o naglalaro kasama ang anak. Pinakaalangan ang mga Sabado, tuwing nasa bahay lang sila at halos hindi nagkikibuan. Abala sila sa umaga. Sa bakuran, maglilinis ang asawa ni Sabrina ng mga sapatos, sasakyan, electric fan at iba pang kagamitan sa bahay. Siya naman ay magbubunot sa loob, pakikintabin ang sahig nilang gawa sa kahoy. Sa tanghali, tutulungan din siya ng asawa na magkusot at maglaba at magsampay ng mga damit. Ako na, hindi, ako na, iyon lang ang kibuan nila habang pinag-aagawan ang bigat ng mga gawain.

Mula Linggo hanggang Biyernes, hangga't maaari ay dinadalasan nila ang pag-uusap. Namamasyal sila, nagkukuwentuhan tungkol sa kung ano-anong bagay. Tungkol sa kaklaseng nakipagsabunutan sa anak nila. Tungkol sa kapitbahay na natanggap na bilang engineer sa Dubai. Tungkol sa diary ni Tiyo Cardo na ngayon ay tatlong taon nang nasa ibabaw ng TV ni Almira. Tinatawag nila ang pangalan ng isa't isa, 'Brina, tingnan mo 'tong drowing ng anak mo o, Abel, para yatang may mabait sa likod ng kalan natin, Sabrina, namulaklak na pala 'tong orchid mo, Abel, telepeno, Sabrina! Abel! Sabrina!

Panay guwang ang isip ni Sabrina, palagay niya. Ginugulat siya nito sa tuwing may maaalala nang hindi inaasahan. Isang beses, habang nagbibilad sa pampang ng dagat kasama ang anak, habang nilalaro ng alon ang mga daliri niya sa paa, para bang nawari niyang alam niya ang pakiramdam na iyon, kilala ng mga sakong at bukong-bukong niya, kahit hindi maalala ng paningin o pandinig niya kung kailan o paano o ano ang nangyari.

Ganoon naman palagi, parang hindi nagkakasundo ang mga pandama niya, para bang may kani-kaniya silang alaala. Kung minsan, kinukulit siya ng mga binti niya, ipinaaalala ang dating lamig ng tubig sa ilog sa paanan

ng bundok, noong bata pa siya't mahilig magtampisaw doon tuwing hapon. Sasang-ayon ang balat niyang hindi pa rin nakakalimot sa ginaw, sa mga basang piraso ng buhok niyang nagsidikit sa mga pisngi niya't leeg. Gagatong pa ang pang-amoy, amoy gugo, ginuguguan siya ng kung sinong may malalambot na kamay pero hindi niya tiyak kung sino, walang maalala ang mga mata niya kung sino, gaano man niya katagal isipin. Wala rin siyang tinig na naririnig. Pira-piraso ang mga eksena sa alaala ng katawan niya.

Nandoon din si Abel, tiyak siya (doon ang laging tagpuan nila), amoy gugong kagaya niya, giniginaw ding gaya niya pero gaya niya ring tatangging umahon kahit pinauuwi na sila ng kani-kaniyang mga lola. Minsan, naiisip niyang tanungin si Abel, sino na nga 'yong kasa-kasama natin? Hindi naman ang Lola ko; ipinagbabawal niyon ang pagpunta sa ilog. Hindi rin ang lola mong takot maengkanto. Iyon ang naiisip niyang sabihin kay Abel tuwing nagkakape sila, o magkatabi sa harapan ng maliit nilang Honda, o gising pa at magkatabi sa kama, tahimik at wala nang masabi sa isa't isa.

Ewan, sabi niya sa sarili, malilimutin na talaga siya noon pa man. Nalilimutan niya pati pangalan ng mga tauhan ng drama sa telebisyon, kung ano na nga iyong nangyari sa komiks na 'to noong nakaraang linggo. Tuwing nagbabantay ng tindahan ay nalilimutan niya kung magkano ang ibinayad sa kaniya, mali-mali kung magsukli kaya't nakagagalitan ng bumibili. Tuwing nasa palengke ay laging may nalilimutan siyang bilhin. Nakagawian na tuloy ni Abel na ilista sa isang piraso ng pad paper ang mga kulang sa kusina at banyo nila bilang paalala.

Sinusubukan din niyang ikuwento sa anak ang mga ikinuwento sa kaniya noong bata pa, tuwing sinusuklayan ng lola niya ang buhok niya bago siya matulog—mga engkanto, mga tiyanak, mga kuwento tungkol sa mahiwagang babaeng namimigay ng ginto at pera—pero hindi niya na maalala. Simulan man niya, lagi namang kinakapos at hindi niya na maisip kung ano ang kasunod. Tuwing matutulog na si Ada ay kailangan niya ng mga paalala, mga kuwentong nakasulat at may larawan pa, hindi nabubura sa pahina, nasa mesang katabi lang ng kama para sa mga gabing nagpapakuwento ang anak niya.

Marami rin sa mga gamit nila sa bahay ang hindi niya na alam kung saan o kanino nanggaling. Ang iba, tiyak niyang regalo ng mga tiya—mga baso, pigurin, kobrekama, punda. Pero may mga gamit din na hindi niya mahulaan kung sino ang nagbigay. Biglang may panyong hindi niya kilala ang burda, suklay na hindi niya na naaalala kung kailan nabili. Naiwan kaya ng bisita?

Ang pinakanakapagtataka sa lahat ay iyong mga perlas na hikaw sa tokador nila. Tuwing Lunes, nililinis niya iyon at pinakikintab, saka inilalagay sa palad. Ikinikiling-kiling para maglaro ang kislap. Sa pagkakatanda niya, iniabot iyon ni Abel sa kaniya sa araw bago ang kasal nila. Ipinahiram daw ng isang kaibigan. Hanggang ngayon ay hindi pa rin binabawi.

Muli, hindi niya tatanungin ang asawa.

Ganito kung ikuwento ni Sabrina ang kasal nila sa mga kamag-anak, sa mga kaibigan, pati sa sarili: umuulan noong gabi ng bisperas, pero tumila pagdating ng umaga. Para bang dumating ang araw para lang sa kanila. Bukod doon, wala nang masasabing espesyal tungkol sa araw na iyon. May handang lechon at pochero. May maliit at puting cake. Nakabarong si Abel. Hiram ang trahe de boda. Wala siyang suot na alahas.

Alam niya rin na darating ang araw na itatanong ng anak kung paano sila nagkakilala ni Abel. Dati na niyang inuulit-ulit iyon sa sarili, bahagi ng pagtalunton niya sa kasaysayan nilang dalawa, kung sakaling kailanganin niya mang ipaliwanag ito kahit kanino: magkapitbahay sila at magkaklase na buhat pa noong unang pumasok sa eskuwela.

Ganoon nga, sabi ni Sabrina sa sarili, sasapat na siguro ang kuwentong iyon sa sinumang makikinig o magtatanong, at iyon at iyon din ang ikinukuwento niya sa sarili.

Ang inaalala niya lang ay kung ganoon din ba ang magiging kuwento ni Abel sakaling ito naman ang magkukuwento. Alin sa mga kuwento nila ang ikukuwento nito? Alin sa mga iyon ang mga pipiliin nitong limutin? Mabibilang lang sa daliri ang mga bagay na kay Abel ngunit hindi kay Sabrina, at sa kasamaang-palad, isa sa mga iyon ang gunita.

Paano kung simulan ni Abel ang kuwento nila sa umpisa? Sa mga pinili niya nang limutin, o kung hindi man kayang limutin ay piniling hindi na isalaysay ulit sa sarili? Paano na kung sabihin nitong nagsimula ang lahat noong mga bata pa sila, mga lima o anim na taon, kapuwa wala pang alam sa pinsalang dala ng pag-alam? Si Sabrina, matagal nang nagpasiyang hindi ulit balikan ang bersiyong iyon ng pagtatagpo nila. Nang matagpuan nila ang isa't isa, parehong tumakas mula sa kani-kaniyang mga bahay sa oras ng siesta. Parehong naghahanap sa isang mahiwagang babae na naririnig lang noon sa kuwento ng matatanda.

Paano kung sabihin ni Abel na sabay nilang natagpuan ang babae, sa mga pambatang laro nila noon tuwing hapon? Ang sabi ng lola ko ganito, at

ang sabi naman ng lola ko ganiyan, nagkuwentuhan sila hanggang sa isang araw, nagpasiya silang hanapin kung saan siya nagtatago. At natagpuan nila siya, natuklasang higit pa siya sa lahat ng hinaka nila. At sa mga pambatang laro nila, hindi pa sila iba sa kaniya, kasali pa sa mga habulan at taguan ng mga kapre at tikbalang at duwende, kabilang pa sa mga kuwentong hindi nila akalaing malilimutan, mapapalitan ng mga kuwentuhan tungkol sa mga gustong pasukang eskuwela sa Maynila, sa gustong maging trabaho, hanggang sa mga di pinagkakatiwalaang politiko, sa presyo ng galunggong at talong sa palengke, sa mga hayop na namahay na sa kisame.

Kilalang-kilala nila noon ang isa't isa. Wala pang mga sariling kuwento, mga kuwento lang ng mga diwata sa bundok, mga tiyanak o aswang, mga nuno sa punso. Wala pa ang mga tanong ni Mrs. Chua o ang panunukso ng mga kaklase sa kanila, bakit kayo laging magkasama, ano'ng ginagawa ninyo riyan, ha? Hindi pa minamanmanan ng kani-kaniyang pamilya sa tuwing lalabas, hindi pa pinipigilang lagi't laging magkita dahil nagdadalaga't nagbibinata na. Limot na ni Sabrina na dati, naliligo sila nang hubo't hubad sa ulan, hindi kagaya ngayong magkita lang nang nakatapis ay nagkakahiyaan, o nagkakatinginan nang makahulugan.

Sasabihin ba ni Abel na si Sabrina ang unang pumiling makalimot? Siya ang unang nagsawa sa mga kuwentuhang walang katuturan. Siya, sa kanilang tatlo, ang unang nangiming maligo sa ulan nang hubo't hubad. Paano kasi'y siya ang unang dinatnan ng mga pagbabago sa katawan. Hindi lumobo ang dibdib ni Abel, hindi lumapad ang balakang. Ang mahiwagang babae naman, nanatiling bata. Si Sabrina ang unang nakaramdam sa tingin ng mga dahon ng mangga, ng mga bulaklak ng sampaguita, ng mga tuko at sawang nakapaligid sa kanila.

Aaminin ba ni Abel ang hindi inaamin ni Sabrina sa sarili? Na tao lang sila, kaya kailangan nilang bumuo ng mga kuwentong pantao lang, gaya ng mga kuwentong binubuo nila ngayon? Halos nagawa nang paniwalain ni Sabrina ang sarili na walang mahiwaga sa kanilang dalawa ni Abel. Walang bahagi ng katawan nilang hindi kayang pagurin ng mga gawain sa bahay at opisina, walang hindi pinakikislot ng sakit o masasakit na salita, walang ligtas sa unti-unting pagtanda.

Pero ayos lang iyon, sabi ni Sabrina sa sarili, ayos lang. Ayos lang dahil wala ring mahiwaga sa kahit sino sa mga nakapaligid sa kanila. Walang kamangha-mangha sa mga magulang nilang patay o nakaratay na, o sa mga kapatid nilang nangibang-bansa na, sa mga naging guro at kaibigan, sa iba

pang magulang na nakikilala sa PTA meeting ng eskuwela ni Ada. Wala nang nakagigimbal sa mga balita sa diyaryo at TV, sa mga tanim nilang sili't kamatis, sa mga ipis at dagang tuwing umaga ay natatagpuan nilang kumagat sa bitag ng flypaper o Racumin.

Pero hindi rin kikibo si Abel. Gaya ni Sabrina, para bang limot na rin nito ang bersiyong iyon ng kuwento nila. Magagawa pa nilang ipagpatuloy ang bersiyong binubuo ngayon. Tahimik si Sabrina habang sinusuklay ang mahabang buhok ni Ada.

Tuwing Sabado, tinatanaw ni Sabrina ang asawa sa labas habang binubunot niya ang sahig nilang kahoy. Alam niyang kapag hindi siya nakatingin, pinanonood din siya nito. Sa mga sandaling iyon, kapag tahimik, batid niyang isang kuwento ang sukat ng pagitan nilang dalawa, isang kuwentong hindi na bibigkasin kailanman sa sarili o sa isa't isa.

At muli, aabalahin niya ang sarili, pakikintabin ang sahig, masinsing lilinisin lahat ng mga sulok at pader na para bang may inililihim ang mga ito sa kaniya. Hindi na pansin ang kiliti ng hangin sa batok niya, ang pagkaway ng mga sanga ng mangga sa bakuran, tila tumatawag sa kaniya na para bang matagal na siyang kakilala.